IJARSCT
ISSN (Online) 2581-9429
International Journal of Advanced Research in Science, Communication and Technology (IJARSCT)
International Open-Access, Double-Blind, Peer-Reviewed, Refereed, Multidisciplinary Online Journal
Impact Factor: 7.53
Volume 4, Issue 2, August 2024

# MGA Kolektibong Karunungang Bayan Ng Claver: ISANG Pangnilalamang Pagsusuri

**Lezil C. Enteňa[1], Denzel Mark A. Ciruela[2], Hartly S. Esperon[3], Abegail E. Pedrosa[4]**
College of Teacher Education, Surigao del Norte State University, Surigao del Norte, Philippines

**Abstract***: Ang pananaliksik hinggil sa mga kolektibong karunungang bayan ng Claver ay sumasaklaw sa anim (6) na barangay ng Bayan ng Claver. Layunin ng pananaliksik na ito na maidokumento at mahimay-himay ang mga karunungang bayan na matatagpuan sa munisiplidad ng Claver. Sa pamamagitan ng masinop na pagsusuri, nailalarawan nito ang kultura at identidad na mayroon ang isang pamayanan. Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng kwalitatibong pagsusuri na kung saan nailarawan nito ang pangnilalamang pagpapakahulugan sa mga karunungan bayan na ginagamit ng mga mamamayan sa bayan ng Claver. Gumamit din ng Frequency Count at Percentage Distribution ang mga mananaliksik upang matukoy ang kabuuang bilang ng mga nakolektang karunungang bayan ng munisipalidad. Natuklasan sa pananaliksik na ang uri ng karunungang bayan na sawikain ay may pinakamataas na porsyento (49%), samantalang ang kawikaan naman ay may pinakamababang porsyento (8%). Maraming mga karunungang bayan ang nakalap sa munisipalidad ng Claver gaya ng Kawikaan, Kasabihan, Salawikain, at Sawikain na kung saan ito ay pumapaksa sa aspetong Pagmamahal, Kaasalan, Panlipunan, at Edukasyon. Sa kabuuan, may nalikom na 61 dami ng karunungang bayang Clavernon. Pinakamarami ay ang Sawikain at ang pinakamababa ang Kawikaan. Dito napatunayan na ang mga matatandang lumad Calvernon ay mahilig gumamit ng Sawikain dahilan sa kanilang maingat na pagsasalita sa kanilang kapwa o kahit sa mga kapamilya nito upang maiwasang masaktan ang mga damdamin. Ito ang pamamaraan ng kanilang pagdisiplina o pagbigay paala-ala sa mga kamag-anak o kakilala*

**Keywords:** kolektibong karunungang bayan, Claver, sawikain, kawikaan, kasabihan, salawikain, at pagmamahal